# Mga Mungkahing Makakatulong sa mga Priesthood Leader

## PAANO ISULONG ANG GAWAIN NG MGA SERVICE MISSION

Ipinahayag ng Unang Panguluhan ang sumusunod sa kanilang liham sa mga lider at miyembro noong Nobyembre 2018:

> *Ang service mission ay isang katanggap-tanggap na handog sa Panginoon kapag hindi posible ang teaching mission. Samakatwid, ang pagtukoy sa isang teaching mission bilang isang "tunay na misyon," "normal na misyon," o "tradisyonal na misyon" ay mali at dapat iwasan. Lahat ng missionary ay kumakatawan sa Panginoon at nagsasagawa ng Kanyang gawain.*

Ang ilang mungkahing makakatulong ay natukoy upang tulungan ang service missionary program na patuloy na tanggapin ang pananaw ng Unang Panguluhan. Ang pangunahing obserbasyon ay na mas mabilis sumulong ang gawain at magbago ang kultura kapag ang mga priesthood leader (kabilang na ang mga Area Seventy, stake at district president, at bishop at branch president) ay nakatuon sa sumusunod na mga tuntunin:

a. Magbigay ng direkta at paulit-ulit na sinasabi at nakasulat na pagsuporta sa service missionary program.

b. Magbigay ng direkta at paulit-ulit na sinasabi at nakasulat na pagsuporta sa mag-asawang service mission leader.

c. Hikayatin ang mga stake at district president, bishop at branch president, at ward at stake council na regular na makipag-usap at makipagtulungan sa mga service mission leader.

d. Anyayahan ang mga service mission leader na dumalo sa mga miting ng kanilang stake o district, ward o branch, at coordinating council.

e. Anyayahan ang mga service mission leader na magsalita sa mga stake conference, sacrament meeting, miting sa ikalimang Linggo ng buwan, at iba pa.

f. Anyayahan ang mga service mission leader na makipag-usap sa mga Relief Society presidency.

g. Lumikha ng isang kultura kung saan pantay-pantay ang tingin sa mga service missionary at teaching missionary.

h. Sumangguni ang stake president sa lokal na service mission leader bago pa makauwi ang isang missionary na uuwi nang maaga.

i. Ang mga stake president ang may eklesiyastikal na responsibilidad para sa mga service missionary na naglilingkod sa kanilang stake. Ang malapit, epektibo, at mapagmahal na relasyon sa pagitan ng stake president at ng service missionary ay magpapadama sa missionary na pinahahalagahan din siya ng Panginoon. Hiniling na ng Unang Panguluhan na makipag-usap ang mga missionary sa kanilang ecclesiastical leader kahit minsan sa bawat quarter. Noong 2019, 56 na porsiyento lamang ng mga service missionary ang nagkaroon ng ganitong pagkakataon.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2022 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. 10/22. Pagsasalin ng *Helpful Suggestions for Priesthood Leaders*. Tagalog. PD60010827 893. Inilimbag sa Pilipinas